



Ang Tugon ng Hawaii State Judiciary sa COVID-19 na Pandemya

Mahalaga: Ang mga impormasyon sa dokumentong ito ay pangkalahatan. Bawat lokal na hukuman (circuit) (Oahu, Maui County, Hawaii Island, at Kauai) ay may awtoridad na hawakan ang mga kaso para matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga lokal na hukuman (circuit) sa panahon ng pandemyang ito at ang pangunahing hukom ang siyang magtatalaga ng iskedyul ng mga pagdinig at ito ay sasang-ayunan ng mga partido kung ito ay ligtas na magaganap at walang kinikilingan. Obligasyon ng hudikatura na protektahan ang tunay na kalayaan at gayundin ang bahagi natin na protektahan ang kalusugan ng ating komunidad. Lubos naming binabantayan ang ating situwasyon at lagi naming pinag-aaralan kung ano ang pinakamabuting paraan ng pagsisilbi sa komunidad na ligtas ang publiko.

Ano ang ipinagpaliban hanggang matapos ang 4/30/2020?

Karamihan sa mga kaso ay ipinagpaliban. Ang mga kasong emergency lamang ang nadidinig. Kung mayroong kang abogado, makipag-ugnayan ka sa kanya kung mayroon kang mga katanungan.

Hukuman ng Distrito

- Ang mga kasong trapiko ng mga hindi nakabilanggong nasasakdal
- Mga magaang kaso (misdemeanor) at mga kasong krimen ng paglabag ng mga hindi nakabilanggong nasasakdal o wala sa pangangalaga ng departamento ng pulis
- Ang maliliit na kaso ng claim
- Ang mga regular na kaso ng claim tulad ng kaso ng amo at umuupa (landlord-tenant)
- Mga kaso ng DUI/DWI
- Hukuman ng Community Outreach

Hukuman ng Pamilya

- Paghihiwalay ng Mag-asawa
- Kaso ng Paternidad (Paternity)
- Tagapag-alaga (guardianship)(ang mga menor de edad at ang mga walang kakayahan o baldadong matatanda), maliban sa emergency na pangangalaga
- Ang mga Pag-aampon (Adoptions)
- Ang Assisted Community Treatment
- Ang mga kaso ng non-custody juvenile tulad ng pagdidesisyon na pagdinig (disposition hearings), pag-aaral na pagdinig (review hearings), pagbabasa sa mga hatol (arraignments), at mga pagdinig

- Ang mga Child Welfare Services ng pagdinig ng iskedyul (return hearings), pag-aaral na pagdinig (review hearings), pretrials, mga pagdinig, at mga pamamagitan (mediations)
- Ang mga kaso ng Request to Return Firearms sa Family Court Domestic Abuse
- Hukuman para sa mga Batang Babae, Juvenile Drug Court, Family Drug Court, Imua Kakou, at Zero hanggang Three Court
- Ang Kids First Program

Lokal na Hukuman Kriminal (Circuit Court Criminal)

- Lahat na pagdinig ng hurado at hindi hurado
- Ang mga Grand jury panel
- Hukuman ng Droga, mga pagdinig na nangangailangan ng presensya ng tao sa Hukuman ng Mental Health at Veterans Treatment Court, maliban sa mahahalagang pagdinig
- Mga pagdinig na nangangailangan ng presensya ng tao para sa HOPE probation, maliban sa mahahalagang pagdinig

Lokal na Hukuman Sibil (Circuit Court Civil)

- Lahat na pagdinig ng hurado at hindi hurado
- Lahat ng pagdinig na nangangailangan ng presensya ng tao para sa mga kaso ng pagpapasara na hawak ni Judge Castagnetti ng First Circuit
- Lahat ng iba pang mga kasong sibil, nangangailangan ng presensya mo sa pagdinig at mga pagpupulong ay maaaring ipagpaliban ng nakatalagang hukom, maliban kung ang hukom, sa sarili niyang desisyon, ay idideklara na ang kaso ay maaaring dinggin sa telepono o kahit walang pagdinig/pag-uusap. Ikaw o ang iyong abogado ay aabisuhan kung papaano madidinig ang iyong kaso.

Ano ang mga nagaganap na pagdinig ayon sa iskedyul?

Hukuman ng Distrito

- Ang mga kaso ng Temporary restraining order
- Kaso ng kalokohan (misdemeanor), magaang kalokohan, at mga kasong krimen ng paglabag ng mga nasasakdal na nasa pangangalaga ng departamento ng pulis, bilangguan, at/o sa Hawaii State Hospital
- Ang mga kasong trapiko ng mga nasasakdal na nasa pangangalaga ng departamento ng pulis o nakabilanggo
- Ang mga paunang pagdinig para sa mga nakabilanggong (in-custody) nasasakdal.
- Ang mga paunang pagdinig ng mga hindi nakabilanggong nasasakdal (not in custody), at hindi tumalikod sa 30-day requirement.
- Ang mga pagdinig ng pagpipiyansa para sa mga nakabilanggong (in-custody) nasasakdal
- Ang mga pagpipiyansa para sa kasong Felony (pagbabasa ng hatol sa felony)
- Ang mga pagdinig sa Chapter 704 (mga pagdinig ng mental health)

Hukuman ng Pamilya

- Ang mga Temporary restraining order
- Ang mga Gun Violence Protective Order
- Ang mga kaso ng minor Juvenile custody ng Hale Hoomalu

- Ang mga pagdinig ng Civil commitment
- Mga pangangalagang Emergency (guardianships)
- Mga pagdinig ng Shelter care
- Ang mga pangangailangan ng Child Welfare Services na kaso, kabilang ang pangunahing /nagpapatuloy na petisyon para sa temporaryong pangangalaga (custody) at pagbabantay ng pamilya, at ang mga aksyon para alisin ang isang bata sa pangangalaga ng pamilya at paglalagay sa bata sa ibang pangangalaga (foster custody)
- Unang pagpapakita at mga paunang pagdinig nga mga kasong felony
- Pagbabasa ng hatol at pag-apela
- Mga pagdinig ng piyansa
- Mga order para sa pansamantalang pagkaka-ospital
- Mga aksyon para sa pagbawi ng kondisyonal na paglaya
- Alinmang masasabi na kailangang-kailangan na pagdinig at kailangan ng hukuman ay madidinig ayon sa iskedyul

Lokal na Hukumang Kriminal (Circuit Court Criminal)

- Pagbabasa ng hatol, apela, at mga extradisyong pagdinig
- Unang pagharap para sa mga kasong felony
- Paunang pagdinig para sa mga na nakabilanggong nasasakdal
- Mga pagdinig ng piyansa
- Mga idineklara ng hukuman na pagdinig na kailangang magpatuloy
- Pagdinig ng Mental health, kasama ang kautusan para sa panandaliang pagkaospital, aksyon para mabawi ang kondisyunal na paglaya, at mga iba pang kailangan na pagdinig ay dapat madidinig ayon sa iskedyul

Lokal na Hukumang Sibil (Circuit Court Civil)

- Mga kasong kailangang-kailangan o emergency na idineklara ng nangungunang hukom, tulad ng mga aksyong emergency para sa temporary restraining order at/o preliminary injunctive relief.
- Ang mga kasong sibil ay magpapatuloy na madinig sa pamamagitan ng telepono o hindi diringgin sa pamamagitan ng sariling desisyon ng hukom. Ikaw o ang iyong abogado ay aabisuhan ng hukuman kung papaano madidinig ang iyong kaso.
- Ang mga ibang kaso ay maaaring magpatuloy sa pamamagitan ng kondisyon (stipulation) o sa pamamagitan ng iba pang mga order ng hukuman na mayroong bagong petsa ng hukuman.
- Ang mga status conferences o settlement conferences ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng telepono o maaaring mai-iskedyul ulit sa pamamagitan ng desisyon ng itinalagang hukom.
- Ang mga probate na petisyon ay mangyayari sa pamamagitan ng telepono, maliban kung hindi papayagan ng hukom ng probate.
- Makipag-ugnayan sa iyong abogado kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa iyong kaso. Kung wala kang abogado na kakatawan sa iyo at hindi ka inabisuhan ng hukuman tungkol sa iyong kaso, makipag-ugnayan sa opisina ng hukom (judge's chamber) na naitalaga para sa iyong kaso.